The Mindanao Forum, Vol. XXI, No. 2, December 2008

# Kulturang Popular at Neoliberalismo

ROLANDO B. TOLENTINO

**Abstrak**

*Tinatalakay ng sanaysay ang mga katangian at historikal na pagkaunlad ng neoliberalismo sa popular na kultural na imahinasyon at praktis sa pang-araw-araw na buhay. Na kahit na nakakapanlatay ang epekto nito sa isyung pangkabuhayan, panlipunan at pangkasaysayan ng bansa at mamamayan, sinusuri ng sanaysay ang iba't ibang larangan ng pagkalaganap ng kulturang popular ng neoliberalismo sa bansa. Sa pamamagitan ng mga sub-paksa ng call center at ang paglikha ng somnambulistang nilalang, ang urban renewal sa mga unibersidad, ang paglaganap ng Sogo branches at ang lehitimasyon ng bawal na sexual na pagnanasa, at ang kalakarang "jologifikasyon," tinutumbok ng sanaysay ang panganib ng individualisadong pagpapakaranasan sa neoliberalismo bilang pribatisado at nadadanas lamang sa pamamagitan ng kasiyahan.*

*The essay discusses the characteristics and historical development of neoliberalism in the popular cultural imagination and praxis of everyday life. Despite the harsh effects of neoliberalism in the issues of livelihood, social and historical construction of nation and citizenship, neoliberalism's rise and dominance in various spheres of social and individual lives have produced its own popular culture. Through subtopics such as call center work, and the production of the somnambulist being, urban renewal in universities, proliferation of Sogo branches and the legitimation of forbidden sexual desire,*

Si Rolando B. Tolentino ay professor sa University of the Philippines Film Institute. Siya ay awtor ng mga librong *Sipat Kultura: Tungo sa Mapagpalayang Pagbasa, Pag-aaral at Panunuri ng Panitikan* (2007); *Sa loob at labas ng mall kong sawi/kaliluha'y siyang nangyayaring hari: Ang Pagkatuto at Pagtatanghal ng Kulturang Popular* (2001); at *Richard Gomez at ang Mito ng Pagkalalake, Sharon Cuneta at ang Perpetwal na Birhen at iba pang sanaysay hinggil sa bida sa pelikula bilang kultural na texto* (2000). Siya ay Fellow ng Institute for Creative Writing ng U.P., at kasapi ng Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND-UP).

*and the operationalization of "jologification," the essay stresses the dangers of the individualized experienciation of neoliberalism as privatized, and experienced only through pleasure.*

Keywords: *Popular culture, neoliberalism, call center, urban renewal, jologification*
*Kulturang popular, neoliberalismo, call center, urban renewal, jologifikasyon*

Ang neoliberalismo ang siyang impetus ng global na kapitalismo simula pa ng 1970s. Sa tambalang Reagan ng U.S. at Thatcher ng U.K., trinasforma ang kanilang mga bansa at pati na ang mundo para itampok ang negosyo, at ang estadong nagsisilbi sa interes ng malalaking negosyo. Isinantabi ang safety net—ang welfare system na dating nagbibigay-proteksyon sa mga mahihirap, maysakit, nawalan ng trabaho, at iba pang disenfrantsisadong mamamayan. Pati ang mga ito ay ipinasa sa malalaking health at insurance providers, mutual plan providers, at iba pang pribadong negosyo. Sa isang banda, ang nangyari, tulad sa Pilipinas, ay nagkaroon ng "telecommunication revolution" simula 1990s na ang dating aabutin ng sampung taon para makakuha ng linya ng telepono ay naigpawan na ng malawakang gamit ng cellphone at internet (mga 42 milyon o kalahati ng populasyon ay may cellphone at 7.82 milyon ang may akses sa internet o 10 porsyento ng populasyon). Sa kabilang banda, mas malawakan ang dumadanas hindi na ng kahirapan kundi ng pagdarahop, kahit pa mas maraming mamamayan ang aktwal na tumuturing sa kanila bilang "mahihirap" at nakakaranas ng gutom.

At itong parametro ng neoliberalismo ang siya ring itinatakdang parametro ng kulturang popular na kaakibat naman nito. Sa isang banda, ang proliferasyon ng gitnang uring panuntunan ng karanasan at pagpapakaranasan (experientiation) ng mundo, tulad ng pag-usbong ng second-generation malls sa Mall of Asia at Trinoma na may empasis sa integrasyon ng natural na labas (baybay sa Mall of Asia, parke sa Trinoma) sa loob ng mall, cellphones na may koneksyon sa internet at cable television, ang transformasyon ng The Fort bilang enclave na mas ang identifikasyon ay Singapore kaysa Pilipinas, at iba pa. Sa kabilang banda, ang mas higit na malawakang estado ng "mukha" at substansya ng paghihirap: liga ng karamihan ay kababaihan at matatanda na araw-araw ay pumipila para sa mas murang bigas, college graduate na nagko-call center agent, doktor na nagne-nursing, eskwelahang nabubuhay dahil sa dami ng bilang ng nursing at caregiving courses, 300 porsyentong pagtaas ng matrikula sa pangunahing state university,

ang discrepancy ng "scholar" (na mahirap) at regular (na mayaman) na estudyante sa Ateneo de Manila University, at iba pa.

May kaakibat na epekto ang neoliberalismo sa bansa, indibidwal, at kolektibong afekto. Sa bansa, ang neoliberalismo ay nangngahulugang ang pananangkapan sa gobyerno para sa interes ng negosyo at kapital. Ang mga katangian para maisakatuparan ang pambansang pag-unlad batay sa global na panuntunan ng kapitalismo ay ang pribatisasyon o ang paglilipat ng mga dating korporasyon at maging serbisyo publiko mula sa gobyerno patungo sa pribadong sektor, partikular, sa pribadong negosyo; deregulasyon o ang pagtanggal ng mga balakid sa pangangalakal at negosyo, kasama ang proteksyonistang kalakaran para sa mga pambansang industriya, para sa higit pang integrasyon ng global na kalakalan; komersyalisasyon o ang pag-ayon sa singil batay sa kalakaran ng market; at marketisasyon o ang pagsandig sa market forces para sa desisyon hinggil sa commercial viability ng mga proyekto at sa mas malawakan, ang mismong governance o pamumuno at pamamalakad sa gobyerno.

Sa indibidwal, ang neoliberalismo ay nangangahulugan ng mas malakas na sandig sa indibidwal na mamamayan kaysa sa gobyerno. Sa malakihang politika at ekonomiyang strokes, epektibong naipapasa ng gobyerno ang proyekto ng neoliberalismo: ang kanya-kanyang pagsagap ng hangin ng mamamayan sa pambansang kinasasadlakan ng lahat. Sa paglubog ng MV Princess of the Stars noong Hunyo 30, 2008 na kinamatayan ng mga 800 pasahero, pumapasok ang metaporang tulad ng barko—mas lumulubog kaysa umaahon, mas pinayagan kaysa pinigilang maglakbay dahil sa diin sa kita, at nang lumubog, ang kaguluhan (chaos) ng pag-aanunsyo na may pangkalahatang krisis, ang kanya-kanyang pag-proseso at pag-deal sa krisis, at ang pananatiling ligtas ng negosyanteng nagmamay-ari ng Sulpicio Lines at pangulo ng bansa na hindi naman sumasakay sa infrastruktura ng RORO na kanyang itinataguyod. Kung gayon, ang tanging may salbabida, insurance, at di na kailanman malulunod sa krisis na puno't dulo ng neoliberalismo ay ang gobyerno at malalaking negosyante.

Ang epekto ng katangian ng pribatisasyon sa indibidwal ay ang nosyon ng self-empowerment, na kaya niyang baguhin ang kanyang kapalaran kahit hindi, kayang umigpaw sa kanyang indibidwal at pampamilyang predikamento kahit mas matimbang ang hindi, na kaya niyang marealisa ang kanyang misyon sa buhay kahit mas malamang ay hindi. Sa katangian ng deregulasyon at komersyalisasyon, ang

pagkilala ng indibidwal na mas malaking mga pwersa ang mga ito kaysa sa kanyang sarili, na wala siyang magagawa para sagkaan ang agos ng mga ito kaya magpapaanod at magpapakalunod na lamang dito. Dito lumalabas ang sado-masokistang relasyon ng indibidwal sa estado, na hinahayaan na lamang niya ang sarili na isalin ang hagupit at latay ng dayuhang estadong nasa labas niya, kundi man internalisahin ang karahasan nito, at suspendihin ang pagdanas, isalin sa idioma ng instantenyong gratifikasyon at pangmatagalang pagnanasa para sa kasiyahan. At sa marketisasyon naman, ang indibidwal ay nagdedesisyon batay sa pangkalahatang bigat ng indibidwalistikong benefisyo mas magpapaangat sa sarili at mahal sa buhay sa aktwal na halaga at gastusin. Hindi rasyonal ang batayan ng pagnanasang makaahon at makaigpaw ng indibidwal, mas nakasandig ito sa casino at sugal na kapitalismo (casino and gambling capitalism) na ang PAGCOR, ang ahensyang gobyernong may natatanging pribilihiyong magpasugal sa bansa ay personal kitty ng presidente, at kawanggawang kapitalismo (charity capitalism) na imbis na magpatupad ng serbisyong publiko ang gobyerno, tulad sa kalusugan, ay lumilikha ng taliwas na pag-asa sa sistematisasyon ng pila at parsyal na kawanggawa sa hanay ng mahirap na dumudulog sa PCSO (Philippine Charity Sweepstakes Office) sa kaso ng kalusugan, at sa National Food Authority (NFA, kasama ng militar na nagbabantay sa mga trak nito) sa kaso ng supply ng murang bigas, halimbawa.

Sa kolektibong afekto o ang pakiwari ng mga sektor at nakararami batay sa panuntunan ng neoliberalismo—at dito nakakawing ang koneksyon sa kulturang popular, ang kalakaran sa kaisipan at pagkilos sa karanasan sa media at informasyon—ay nangangahulugan ng kondensasyon at homogenisasyon ng pagdanas sa mga neoliberal na karanasan. Ang mga katangian ng neoliberalismo ay nangangahulugan ng pagdanas ng pakiwari ng self-empowerment, self-entitlement, at internalisasyon ng pagdanas sa idioma ng kasiyahan kaysa langue ng pasakit at pighati. Ang disjunctive mode na nagsisimula sa idealisasyon ng gitnang uri—ang pagtampok nitong aspirasyon kahit mas mababa ang kalidad ng materyal na kondisyon ng uring pinagmulan—ang pinaghahalawan ng mas kakaibang di pagkakapantay: ang idealisayon ng gitnang uring aspirasyon sa kondisyong mas talamak ang pambansa at global na krisis. Ang dagdag na katumbasang efekto nito ay ang jologifikasyon ng mga uri, ang pananaw na para makaigpaw sa mas malakihang kondisyon ng krisis ay kailangang di lamang maisalba ang sarili, maisalba ito na may

pagyurak sa kauri't kahanay na sektor, at ang kawalan ng accountability ng mismong estado sa mas malakihang disenfranchisement dulot ng krisis.

Sa sanaysay na ito, nais kong maglatag ng apat na kaso ng "jologifikasyon" para maipaliwanag ang bagong kolektibong afekto dulot ng krisis ng pambansang estado at global na kapitalismo. Ito ang dalumat ng kulturang popular sa kasalukuyang intensifikasyon ng neoliberalismo, ang malawakang epekto ng krisis, at ang kakatwang pag-take-on ng mamamayan na namumuhay na parang walang krisis, parang walang politikal na kilusang masa, at parang may katubusan pa sa loob ng mga indibidwal na mga sarili.

### 1. 24/7 at Paglikha ng Somnambulistang Nilalang

Sa palabas ni German "Kuya Germs" Moreno, na paratihan at sabayang binibigkas ng co-hosts at guests, "Walang tulugan!" Hindi siya nagbibiro, dahil tila walang lohika ang samut-saring bahagi—may fashion show, grupong hostong sumasayaw, bikini contest, interview at chikahan—at tila kaya nga nitong magtapos hanggang magdamagan.

Dumarami na rin ang 24/7 na mga establisiemento—wala nang katapusan ang pag-order ng paboritong fries at hamburger, at iba pa sa Jollibee, McDonald's, Chowking, Goto King at Tapa King (hmm, bakit puro hari ang pangalan ng mga fastfood?). Dati, ang naalaala kong bukas lang ay Kowloon, na tila magdadalawang-isip ka pang bumili ng siopai at siomai na nanlamig na dahil matagal natengga sa pinatay na apoy. O sa tabi-tabi, nabubuhay ang nagtitinda ng naglalakong balot at penoy, goto sa kantong kalsadang antayan ng jeep, at pati na rin ang nag-iihaw ng IUD at helmet.

Hindi kakatwa ang pagbabagong ito. Dati ay mga "pokpok" at bakal boys, sex works sa kalsada, ang naglilipana pag disoras ng gabi. Sila ang parokyano ng mga pagkaing kalsada. Ngayon, sa proliferasyon ng mga serbisyo, dagdag sa fastfood ang 24-hour convenience stores, botika, inuman at sineng ang last full show ay nagsisimula sa hatinggabi, ang bagong kliyenteng biglang may pera ay ang pulutong ng 200,000 na call center agents o sa BPO (Business Process Outsourcing), ang itinatanghal na bagong rainbow industry ni Gloria Macapagal Arroyo.

Kung noong 2000 ay mayroon lamang apat na kompanyang BPO na may 2,000 empleyado, ngayon ay tinatayang may 2,500 na kompanyang may 200,000 empleyado. Karaniwan ay mas mataas ang hiring salary dahil nga dapat ay bukas sa relyebohan ng oras ng

trabaho—panggabi ang pinakamataas, may differential pay, at kailangang matutong baguhin ang sikliko ng pang-araw-araw na buhay. Magtrabaho sa gabi hanggang madaling araw, mag-inuman nang bumagsak ang high-intensity performance sa trabaho, at matulog buong araw.

Para magising sa trabaho, sagrado ang kape. Kaya rin naglipana ang Starbucks na sobrang patong sa regular na kape sa mga gusali ng kompanyang BPO. At kung kulang pa ang talab nito, droga, sa partikular ang shabu, para tiyak na maging gising at bibo sa huntahan, kulitan at tili ng kustomer sa telepono. Kaya na rin itong lifestyle sa bagong kita ng agent.

Sa Baguio nga, ang Session Road ay buhay na rin 24/7 at ang kliyente ay ang agents sa Lookan Road, malapit sa airport, pero malayo sa Session. Nang minsang mapapadpad kami mula sa last trip sa Cubao, nakapag-almusalan kami ng pizza at drink, kasama ng bagong labas na call center agents. U.S. $13 bilyon ang inaasahang kitain nito simula 2010, di na nalalayo sa nire-remit ng sampung milyong overseas contract workers (OCW). Pero kontraryo sa sampung milyong regreremit ng U.S. $16 bilyon kada taon, isang milyong call center agents ang magpapakita ng di-nalalayong kahalintulad na halaga.

Nang minsang bumagyo ng Milenyo noong Setyembre 2006 at lumiha ng blackouts sa Manila at iba pang lugar, natagpuan ko ang sarili na nagtratrabaho sa Starbucks sa Convergys Building, isang gusali para sa BPO, sa Commonwealth. Dito ay business-as-usal pa rin. Nag-iinuman ang ilang agents sa Tapa King sa basement at ang ilang papasok ay kumakain sa Mini-Stop, ang convenience store. Bukas ang foot spa at Netopia para sa internet at computer gamers. Sa piling sityo sa madilim na syudad, tuloy pa rin ang komersyal na buhay. Magpapasalamat ba ako na naitatag ang infrastrukturang hindi makakapigil sa mga Filipinong may twang habang bumabati ng "What can I do for you today, Sir?" o nakakapagkomentaryo tungkol sa NBA Quarterfinals o ang weather sa Birmingham dahil nagpa-pop ito sa screen habang kausap ang kustomer mula roon?

Sa isang pangulong bangkorete na naghahanap ng legacy, ito na iyon—ang paglikha ng somnambulista (sleepwalker) na mamamayan, tulog pero naglalakad, nakakarating sa patutunguhan. At kapag nagising, hilo, disoriented at pwedeng magmaktol. Natututong matulog sa umaga, at gumising sa araw, tulad ng bampira. Sinasaad ng mga medico na 18 porsyento ng population ay maaring maging somnambulista, pero sa pagpasok ng rainbow industry, matitiyak na

mas lalaki na ito. At kung magpakagayon, ang napipinto rin ang pagluwal ng isang milyong somniloquents o mga taong nagsasalita sa kanilang pagtulog, at pagising kinabukasan ay hindi alam kung ano ang pinagsasabi. Sagot-kete-sagot, rehimentasyong pagkausap at pagtugon batay sa manwal ng posibilidad; mabilis dahil may quota; pero sa huli walang gaanong naalaala o nakakapagod nang pag-usapan. Business-as-usual na lamang ang karanasan sa racismo (gustong makakausap ng tunay na Amerikano), pagtaba, pagbaba ng presyon at pagtaas ng alkoholismo at gamit ng droga.

Ang persepsyong boom ni GMA ay nagsasaad ng formasyon ng hanay ng drones na spesipiko sa gamit at halaga batay sa skema ng pagsasanla sa bansa sa higit pang globalisasyon. Sa ngayon ay 200,000 agents pa lamang na sinanay ng kolonyal na edukasyon ng Amerikano, at review schools ng ingles spesipiko sa call center, ang nakalulusot sa isang industriyang mataas ang mortality rate ng aplikante—3 hanggang 5 percent lamang ng aplikante ang pumapasa.

Lahat ng dumadaan sa binabangkarote rin na sistemang edukasyon—walang sapat na budget at atensyon ng gobyerno—ni GMA ang magiging prospektibong larvae na pwede maging drone kapag inaruga nang wasto, tungo sa final na aspirasyong maging OCW sa labas ng bansa o call center ant sa loob ng bansa. Anong ligaya na mayroon nang dalawang pagpipilian sa nangangarap umangat ang pamilya sa pambansang predikamento ng pangungurakot at kabangkaratehan sa politika?

Sa patuloy na pag-unlad ng 24/7 na negosyo at ng dami ng somnambulistang manggagawa, tandaan din na 24/7 na bukas ang Mercury Drugstore at ang emergency unit ng mga ospital sa natitiyak nating pagdami ng magiging casualty ng lokal na hanay ng worker ants sa mababang pambansang pagkabahagi sa globalisasyon. Wala nang tulugan para maserbisyuhan ang mga gising sa kabilang panig ng mundo na nangangailangan ng impormasyon sa telepono at inaakalang sirang computer. At ito ang isa pang legacy ni GMA matapos man ang kanyang termino. Bilibit or not.

### 2. Unibersidad at Kanya-kanyang Bersyon ng Urban Renewal

Ang isang indikasyon na namamayagpag (kumikita o nabiyayaan ng pondo) ang unibersidad ay kung mayroon itong mga bagong gusaling itinatayo. Pero may kanya-kanyang inunlad ang mga pangunahing unibersidad sa Metro Manila. Ang paraan ng paglawak ng

infrastruktura ay mas ugnay pa hindi sa pagyaman ng akademikong kagalingan kundi ng mismong pagyaman ng unibersidad, kasama ang emblematikong urbanidad at modernidad na sinasambit sa expansyon ng mga ito.

Ang Far Eastern University (FEU) ang tinitingnan bilang pinakadakila sa larangan ng campus at urban renewal. Pinatingkad ang art deco style ng arkitektura sa mga gusali. Nagmistulang panahon ng Amerikano ang kapaligiran kung saan umunlad ang stilong ito. Matatamlay na kulay berde ang mga gusali, at nagkaroon ng mas masinsing landscaping sa quadrangle ng campus sa Morayta.

Quaint ang pakiwari dahil nakaunipormeng checkered green na palda at puting blusa ang mga babae; gayundin, nakaunipormeng puting polo ang mga lalake. Parang nakapasok ang mag-aaral sa sinaunang pribadong mundo, simple ang buhay at nagtatawanan lamang ang mga mag-aaral na gustong matuto, kung saan ang edukasyon ay isang pribilehiyong tinitingala at pinaniniwalaang nagtitiyak ng mas maunlad na kinabukasan. Ay! Hindi naman pala nagbago ang saligang pananaw na ito sa higher education.

Tunay namang nag-urban renewal ang FEU sa paglipat nito ng medical school sa Fairview. Tanging core courses sa humanidades at social sciences ang nanatili sa Morayta campus. Pati ang labas ng campus ay napasadahan ng mas malawakan pero di pinag-isipang urban renewal ng dating mayor ng Manila, Lito Atienza, na sa kanyang administrasyon ay ekletikong binago ang Plaza Miranda, Plaza Moriones, Baywalk at Nagtahan Bridge.

Sumunod sa yapak ng FEU ang University of Santo Tomas (UST) na tinumbok ang modernong neo-classical na stilo ng disenyo ang mga bagong gusali. Sa likod ng main building ay may fountain sa ground level, na magpapaalaala sa mga fountain sa mall. Solidong konkretong may makikitid na bintana ang disenyo ng main building, kasama ang itinayong library. Sa restorasyon ng harap ng ospital, pati ang itatayong recreation building, tila "Jollibee" architecture na matitingkad na accent na kulay at curvilinear na disenyo ng bakal, salamin at kongkreto ang nangingibabaw.

Tanging ang UST sa mga pangunahing unibersidad sa Manila ang hindi pa naglilipat ng mga programa sa ibang bahagi o labas ng syudad. Kaya nananatiling nakapako ang urban na karanasan sa UST—nagbabago ang loob gayong nananatiling bahain, mausok at ma-krimen pa rin ang labas. Sa isang banda, sanktwaryo ang espasyo ng

unibesidad; sa kabilang banda, time-warped ang fantasya ng klasikal na non-sekular na edukasyon nito.

Ang main campus ng University of the East (UE) sa Recto ang sumunod sa campus renewal ng FEU. Binalik sa sinaunang disenyo ang harapan ng theater sa main building sa bukana ng campus sa Recto, pinaliit ang mall area, at tanging ang harap ng unang palapag ang pinamumutiktikan ng branches ng Jollibee at bangko. May binuksan pang area, ang pinakakulang sa dating tila pinagsisiksikang campus ng mga estudyante (dating pinakamalaking populasyon ng UE sa university level), at ito ang garden na spinonsor ng isang patron ng unibersidad.

Sa Unibersidad ng Pilipinas (UP), ang core academic area—ang mga gusaling pinababalutan ng oval—ay nagmistulang time-warped na rin. Walang bagong inobasyon, maliban sa College of Business Administration na nagpalawak ng kanilang harapan at nagdagdag ng palapag. Ang time-warp ay nagresulta sa mga gusaling parang kay tagal nang naitayo, nananatiling pareho pa rin, kundi man nabubulok na.

Ang pinakadekripitong gusali, hindi kataka-taka, ay ang Vinzon's Hall, ang gusali para sa mga estudyante. Tanging "maliliit" ngunit makabuluhang neoliberal gestures ang matutunghayan sa oval: stalls na pumalit sa mga pwesto ng manininda, centennial flame at "UP @ 100" na ilaw sa Quezon Hall, at bike lane at one-way na ruta.

Ang expansyon ay nasa palabas na erya ng oval: ang inobatibong building cluster ng College of Architecture, at ang multi-bilyong Science Complex sa CP Garcia area; ang pagpapalawak ng kalsada ng C-5 sa Ripada; at ang nagaganap na Science and Techonology (aka call center complex) sa Commonwealth na bahagi.

Mas matingkad sa UP ang neoliberal na pag-unlad ng unibersidad sa campus renewal. Ang pagpapalawak ng C-5 ay magbubura sa komunidad na tinutuluyan ng mga kawani nito; ang S&T complex ay paglalatag ng kinabukasan ng unibersidad sa paanan ng pribadong negosyo; ang Science Complex ay resulta ng kolaborasyon sa administrasyon ni Gloria Arroyo.

Ang mga pribadong eskwelahang Katoliko ay mayroon din sariling diskarte sa kanilang campus renewal. Ang Ateneo de Manila University ay taon-taong nagtatayo ng bagong gusali sa estilong modenrong tropical—mga tisa ang tagiliran o bubong, maraming bintanang nakadikit imbis na nabubuksan, at may probisyon sa landscaping.

Nakabuo na ng bagong enclave ang Ateneo ng modernong gusali na napangibabawan na nito ang austere na ayos ng mga lumang gusali. Interesante rin na kalakhan ng mga gusali ay nakapangalan sa patron na nagbigay-pondo sa pagpapatayo nito, tulad ng mga burgis-kumprador na Pangilinan at Gokongwei. At nagpapanggap pa ang Ateneo sa kawalan ng carpark building gayong ang malaking bahagi ng lote ay nakalaan sa putikan kapag umuulan na paradahan ng mga pribadong sasakyan ng kanyang mag-aaral.

Interesante rin ang De La Salle University dahil sa pagpapalawak ng disenyong neo-classical na puting building. Lahat ng bagong gusali ay pinapatingkad ang stilo ng Main Building sa Taft. Ang problema ay ang kawalan ng open space para tumingkad ang mga gusaling may malalawak na pillars at matatayog na steps.

Parang siksik at nakapanliliit ang pakiwari sa loob ng kampus dahil sa kawalan ng open space. Kumpara sa aktwal na infrastruktura ng La Salle, kahit ang pinakamayamang mag-aaral ay magkakaroon ng humbling effect kung ikukumpara sa naglalakihan at naglalawakang gusaling kanyang kinahaharap.

Kakatwa rin naman na ang La Salle ay nag-shopping binge sa mga available na lote sa Taft at Singalong areas. Isa-isang binibili ng La Salle ang mga lote at lumang gusali, at nagtatayo ng high-rise building na may neo-classical na stilo. Mula sa patrong Yuchengco ang kanyang international relations na building sa Singalong.

Matingkad ang mga katangian ng campus renewal sa mga unibersidad. Una, nakatali ang pag-unlad sa negosyo at pamahalaan (sa kaso ng UP). Ito ang nagbibigay ng pondo sa pagpapaunlad ng infrastruktura sa mga kampus. Tila mga lapida ang mga building sa patrong nagbigay ng pondo sa pagpapatayo at bagong-ayos ng mga ito, o ang pamahalaan ni Arroyong tumustos sa pagpapalawak ng infrastruktura.

Ikalawa, ang pag-unlad ay hindi naman talaga nagsasalin sa akademikong kagalingan kundi sa pag-aastang nasa kaliber na ang unibersidad sa pambansa at global na panuntunan sa modernidad at urbanidad. Bagong gusali, bagong pananaw-mundo (business-as-usual sa kaso ng Ateneo; nostalgia sa "dakilang" kasaysayan ng iba pang pribadong unibersidad, kasama ang UP).

Ikatlo, ang campus renewal ay nagpapatingkad sa unibersidad bilang sityo ng tunggaliang pang-estado. Ang mahirap at mayaman sa loob ng campus (sa kaso ng maralitang tagalunsod at pati ang empleyado ng UP na nakatira sa ididemolisang Ripada area), ang scholar at regular

student sa Ateneo, ang may notebook computer at ang wala, ang hindi nakapagbayad ng tuition at ang nakatustos na nito sa klase ng electronic surveillance sa gates ng La Salle, at no ID no entry policy ay ilan lamang halimbawa nito.

Sa labas ng campus, ang mga high-rise high-end condos para sa maykayang estudyanteng gustong tumira malapit sa kampus, ang pagtatayo ng negosyo para sa service industries sa edukasyon (laundry, fastfood, convenience stores, internet shops, cellphone loading nooks, xerox, at iba pa), ay lalong nagpapatingkad kung sino ay may kakanyahan ng full access sa unibersidad, at kung sino ang wala at maeetsapwera.

Ikaapat, ang campus renewal ay nagsasalin sa neoliberal na transformasyon ng edukasyon, syudad at bansa. Konektado ang nagaganap na pagbabago ng infrastruktura sa unibersidad sa urban renewal ni Atienza, Alfredo Lim at Sonny Belmonte, sa isang banda (lokalisadong transformasyon), at lalo na si Bayani Fernando sa kabilang banda (pangkalahatang transformasyon ng syudad at "kasyudaran" o cityhood). Konektado rin ito sa mall at leisure development nina Henry Sy, Gokongwei at Ayala.

Na hindi rin kakatwang nakaugnay sa pambansang transformasyon ni Arroyo na nilalayong tunay na nakaplug ang infrastruktura sa global na negosyo. Ang pagtatayo ng mga bagong gusali sa buong kapuluan ay halimbawa nito: condos para sa savings ng OCW, at malalawak na opisina para sa call centers.

Ang pag-uugnay ng mga isla sa kanyang navigation highway, kasama ang malawakang airport development program, ay lalong nagpapatingkad sa aspirasyong maihanda ang kasuluksulukan ng bansa sa global na kapital. Kung gayon, ang pagpupursigi ng mga unibersidad sa kani-kanilang campus renewal ay hindi hiwalay sa urban renewal ng mga lokal na opisyal, at maging ang national multinational renewal ni Arroyo.

Scenario A: Kung matalino at mahirap ka, at nakapasa ka sa mga unibersidad, kahit sa UP ay hindi ka na makakapasok; kung wala kang pera, hindi ka para sa mga unibersidad na ito.

Scenario B: "Umuunlad na talaga ang Pilipinas" kahit na iilan lamang itong sityo at representatibong nakakaangat.

Scenario C: Habang lumalawak ang infrastruktura ng mga unibersidad, lalong sumisikip ang akses rito.

Mabuhay ang henyo ng mga nagpapatakbo ng unibersidad, ang kanilang mga patron, at ang diyosang Arroyo!

### 3. Sogo at Lehitimasyon ng Komersyal na Bawal na Pagnanasa

Pejoratibo ang tingin sa mga motel at lodge sa bansa. Pero mas nega (negatibo) ang tingin sa gawain sa loob ng mga motel. "Liko biglang yuko" dahil hindi nga inaakalang marangal ang gawain dito, kahit pa pribadong espasyo naman ito.

Dati ay built-in sa laylayan ng syudad at mga bayan ang night clubs na may dagdag na atraksyon. Sa Bocaue, Bulacan at Calumpang, Marikina ang dinadayo pa para magkaroon ng good time ang kalalakihan. Sa aking pagkamulat, sa Diversion Road sa San Leonardo, Nueva Ecija, malayo-layo sa poblacion, matutunghayan ang mga bar. Inaanunsyo ng gamit ng pulang ilaw sa loob at christmas lights sa labas.

Kumbaga, sa simula, parang nakasona ang mga lugar ng aliw. Red-light district ang turing rito bilang sex tourism na atraksyon ng magkakahilerang bars sa Ermita, EDSA Pasay at Quezon Boulevard. Pang-high-end. Supporting role ang mga motel sa daloy ng komersyal na aliw. Mula sa bars at clubs, at maging lansangan, tungo sa espasyo ng higit pang konsumpsyon—ang konsumasyon—ng sex.

Santa Mesa at Pasay Rotonda ang mga kalsadang naging enclave ng motels. Two-story na gusali—parang precursor ng modernong townhouse—ang disenyo. Yung high-end nito ay may mala-Disneyland na kwartong nagtatanghal ng tema. Sa Anito Lodge sa Monumento, ito raw ay kinabibilangan ng Egyptian, Filipino, Japanese, European, at iba pang motif na kwarto.

Ang two-story na building ay nagsasaad na ng gitnang uring panuntunan sa bawal na sexual na pagnanasa. Ang ground floor ay carpark na rin, inaasahang may dala ang kliyente ng kotse o naka-taxi man lamang. Bawal, kasi nga ay hindi motel ang angkop na lugar at panahon ng sex, batay sa isang bansang mayorya ay Katoliko. Kung hindi ito angkop, lantaran at patagong dinadaot ang karanasan dito.

"Cheap" at "paka"(pakawala) ang tingin sa babaeng sumasama sa motel. "Macho" at balahura (hindi sinsero) ang lalakeng nagdadala naman sa motel. Kung ganito na nga ang tingin, at sa mas mumurahing kwarto sa Quiapo, Avenida at Pasay pa tutungo ang mga kliyente, nagiging dobleng kacheapan ang karanasan.

Ang nangyari sa tagumpay ng negosyo ng Sogo Hotels (Hotel Sogo sa kanilang "under construction" na website) ay gawin stand-alone ang karanasan sa bawal na pagnanasa (illicit desire). Hindi na

kailangang tumungo sa bars bago tumungo sa motel. Maaring dumiretso na kagad ang seryosong tagpuan mismo sa motel. Magtagpo na lamang sa neutral na lugar (convenience store, mall, kalsada o fastfood outlet) at tumungo na sa motel.

Nakakalat sa prominenteng lugar ang Sogo Hotels. Katabi ng malls, tulad sa may SM Santa Mesa at Santa Lucia Mall. At tulad ng kahon ng sapatos na disenyo ng naunang henerasyon ng malls, ang disenyo ng Sogo Hotels ay kahon din. Kakaunti ang bintana rito. At kung mayroon man, may nakatakip na struktura sa labas ng building para hindi lubos na matunghayan ang nasa loob.

Tulad sa malls, maaring mawala sa espasyo at panahon ng Sogo. May kontrol sa panahon ang mga kliyente: madilim o maliwanag sa pribadong kwarto, pero tulad sa mall, parating maliwanag ang publikong erya. Ang espasyo ng kwarto ay magkakahalintulad. Pare-parehong may salamin, banyo, libreng gamit ng twalya at sabon, kobre-kama, telebisyon at remote, kahit pa may mas mahal at murang kwarto.

Kapag nakapaloob sa Sogo, mahirap tunghayan kung anong oras na. Kapag nakapaloob sa mall, hindi rin nakakatiyak kung nasaan na ang kliyente. Tulad sa mall—ang mga tindahan, in-house na establisyimentong hawak ng SM, lokasyon ng sine at fastfood, at iba pa—pare-pareho ang mga laman ng Sogo Hotels: lobby na napakaraming pang-pares na silyang antayan ng kwartong binu-book, front desk, security door, nag-iisang makitid na elevator, at mga hile-hilerang kwarto sa bawat palapag.

Lumikha ng sariling pagpapadaloy ang Sogo Hotels. Hindi na nakayuko dahil nga nagkakakitaan na ang mga nag-aantay sa lobby. Slight na lamang nakatungo. Tanggap din kung same-sex ang nagpapa-book ng kwarto. Pero ang dinodoble ang bayad ay kapag three-some ang nagnanais umakyat.

Ang ginawang inobasyon ng Sogo Hotels, bilang improvement sa naunang henerasyon ng two-story na motel at lodge, ay gawing abot-kaya at mabilisan ang pag-order ng pagkain. Limitado ang opsyon sa marangal na hitsura ng menu. At balita ko na naman ay marangal naman ang kalidad ng pagkain. Na sa kaunti pang panahon, ang pagkain sa kwarto ay magiging tulad na ng pagkain sa panonood ng sine: integral, affordable, at magkatambal sa iba't ibang pleasure na binabayaran para matamo.

Efficient ang Sogo Hotel. Parang walang nakakalamang. Maging ang mga pulis na nag-aantay ng libreng kwarto ay pumipila. Mayroon ding channel para sa mas mahalay na palabas. Mabilisan at sistematiko

rin ang paglilinis sa mga kwarto. Na palabas pa lamang ng kwarto ay tinatanong na ang kliyente kung "check out" na ang kliyente para kagyat na malinis at muling maisaayos ang nabakanteng kwarto para sa susunod na pares.

Stand-alone ang mga malalaking building ng Sogo Hotel. Ang kanyang logo ay isang geisha na parsyal na nakatakip ng pamaypay ang mukha. Geisha na nagsisimbolo ng pagiging entertainer at binabayarang pagsasama, sunod-sunuran na nagbibigay ng aliw. Pati ang pamaypay ay simbolo ng leisure.

Kaya rin may karapatan ang mga gusali na sumiksik sa mga komersyal na lugar sa Metro Manila. Aliwan paradise ang inaalok na serbisyo nito. Sa mall ay publikong-pribadong aliw ang inilalako: sa nilikhang publiko natutungyahan ang mga serbisyong bibilhin at iinternalisa ng pribadong konsyumer.

Sa motel ay pribadong-pribadong aliw ang pinatatamasa: sa pagpasok sa pribadong kwarto maiinternalisa ang pribadong kasiyahan para sa konsyumer na pumiling bumili ng tatlong oras—ang "short-time" na kalikasan ng mga motel. Sa kliyente ang kwarto sa loob ng nirentahang tatlong oras.

Free sex, perverted sex, sex with non-adults na mukha namang adults, extra-marital sex, premarital sex, gay sex, lesbian sex, kahit ano sa pagitan ng dalawang partner, maari sa motel. Ang kapangyarihan sa kontrol sa panahon at espasyo ng kwarto ay nasa kanila sa loob ng itinakdang tatlong oras o lampas pa rito.

Sexual liberation ito na nakaangkla sa sexual tolerance, lalo na sa sex work, na nagsimula sa panahon ng Amerikanong kolonialismo. Sa panahong ito, naging bukas na usapin ang premarital at extra-marital na relasyon, maging ang sex work. "Casa" mula sa Kastila para sa bahay-aliw ang designated na lugar para rito.

Ang pagiging bukas sa sex ay itinumbas sa bisyo, tulad ng sugal, alak at pambabae. Bukas pero hindi maganda ang tingin. Bukas dahil napapag-usapan na sa diyaryo at panitikan. Kung gayon, ito ay parang sikreto—bukas kapag natunghayan pero sa pangkaraniwang pagkakataon, saradong bukas.

Ang tagumpay ng Sogo Hotels ay gawing komersyal ang kalakaran para sa higit na nakararami. Nasubukan na ninyo bang magpa-book kapag Biernes ng gabi, o pay day ng a-kinse at katapusan? My gad, parang ahas na paikot-ikot ang taong nakaupo, magkatapat sa silya, magkatalikod, at nakatayo sa tagiliran ng lobby, at nagmamadaling pumasok sa security gate para umakyat sa kwarto.

Tila isang champion ang Sogo Hotels, kung gayon, sa liberalisasyon ng sexual na pagnanasa. Nagiging katanggap-tanggap na kalakaran sa dumarami pang bilang ng itinatayong gusali. Ang discontinuity ng Sogo Hotels sa naunang espasyo ng casa at unang henerasyon ng hotel ay gawing mas accessible ang bawal na karanasan. Wala na sa Diversion Road o dating liblib na lugar na makikipagsapalaran sa biyahe pa lamang, hindi na major production tumungo sa motel.

Ang continuity sa naunang mga espasyo ng aliw ay gawing mas komersyal ang kalakaran ng bawal na pagnanasa. Magkakatulad ang mga kwartong kulang sa hotel ang standard, pero dahil nga mas abot-kaya naman ang halaga (lalo na kung may 20 percent discount card) ay ok lang, at mataas ang efficiency ng serbisyo.

At dahil ito ay nasa friendly neighborhood komersyal na lunan sa Metro Manila, mas madali ang akses dito. Hindi nakakatakot tumungo, walang pakikipagsapalaran sa biyahe. Na maari ngang trip-trip lang kahit hindi naman literal na nagbiyahe para sa figuratibong trip to heaven.

Substansyal na katuwang na inihanda ng Sogo Hotels ang bansa sa neoliberal na karansan sa sex, sa abot rin ng makakaya ng Katoliko at estadong konserbatismo. Sex—maging paid sex o leisure sex—ay integral na komponent sa service sector na binibigyan-diin ng gobyerno, lalo na ng admiistrasyon ni Gloria Arroyo.

Walang malisya, dahil kanya-kanyang adult na desisyon itong pribadong karanasan. Walang malisya lalo pa't ginagawa ito sa lehitimong espasyo at panahon ng motel, tulad ng Sogo Hotels. Na may pagtanggap sa ehersisyo ng bawal na pagnanasang ito dahil mas matimbang ang konsumpsyon ng nakakapagbayad na gitnang uri kaysa sa moral na indictment ng kawalang-angkupan ng sexual na pagnanasa.

Mas matimbang ang finansyal na kapital kaysa sa moral na kapital. Sino ang mas papanigan ng estado? Wala naman kailangang pagpilian. Tasitong sinusuportahan ni Arroyo ang negosyo dahil may napapala itong pang-ekonomikong aktibidad na mahalaga sa kanyang inaasam na statistikong inuulat kapag SONA (state of the nation address).

Na ang sex ay pwedeng -pagkakitaan ay pangarap na naabot ng Sogo Hotels sa 20 branches nito sa Metro Manila. Malaking negosyo na nagsasaad sa negosyante at kliyente na "ramdam ang pag-unlad." Sino ang hindi mamaximisahin ang kaligayahan—kahit pa illicit na

pagnanasa ito—kung nagbayad ka para matamo ang rurok ng inaasam na tagumpay?

Ginawang empowered na pribadong mamamayan na nakakatamo ng pribatisadong konsumpsyon ng sariling pagnanasa. Na ang sex ay integral na ekonomikong aktibidad basta nananatili sa pribadong spero ng publikong buhay. At ang madilim, walang bintana at aircon na kwarto ay ang materialisasyon ng pribadong spero na ito.

Sa loob ng tatlong oras, ang buhay at kamatayan sa labas ay tumitigil para bigyan buhay ang pagsasakatuparan ng bawal na pagnanasa. Bawal pero nababayaran para maging lehitimo. Bawal pero mayroong pribadong spero sa publikong buhay maaring matamasa ito.

Dito, tulad sa rehimen ni Arroyo, ang halinghing at iri ay sabayang nagsasaad ng pagbulwak ng at pagdisiplina sa bawal. Basta may pera, hindi sa nabubura bagkus lalong tumitingkad ang distinksyon ng bawal at hindi sa mundong ibabaw.

**4. Jologifikasyon**

Signs of the times. Lahat ay gustong maghubad para sa Blackout fashion show ng Bench, ang "fashion event of the year." At sino naman itong nag-aaya sa atin na gumamit ng Colgate na parang hirap sa ingles, kontodo sing-along pa sa mga imahen ng young love, sweet love?

Sa Nestea naman, hinihikayat tayo ng liga ng mga Carmen Miranda na matrona na bumili ng tig-sasampung pisong sachet, kontodo production number sa kalye? Sa isang cellphone na pangmahirap, may moral lesson sa maysakit na manggagawa na tumawid ng ilog at umakyat ng bundok para lamang magsabi sa kanyang bisor na hindi siya makakapasok.

Si Gretchen Barreto na partner ni Tonyboy Conjuangco ay nagpakatotoo na sa kanyang uri at showbiz na origin. Parati na lang sumasabog ang mga moral na skandalo kahit pa sa dami ng alahas at damit na sinusuot nito.

Si Borgy Manotoc ay nakikipag-ombagan. Ang Filipinong bading na alta-sosyedad ay inaakusahang tinabla pa ang Australianong may AIDS na partner nito ng halagang US$70,000. Sa pagtitipid ng Ayalang may-ari ng Trinoma Mall, ilang subkontraktwal na manggagawa ang nahulog at namatay sa pinipintahang dingding dahil wala silang harness.

Pejoratibo ang salitang"jologs." Kung gitnang uri ka, maiirita ka dahil sinasabi na hindi ka nararapat sa inaakala mong "I-belong" na pwesto. Di lamang mababang uri kundi nakakatakot na uri ng kababaan.

Sa isang banda, may panganib (threat) na dala ang jologs sa gitnang uri. Sinasabi ng jologs na hindi stable ang panlipunang posisyon ng gitnang uri. Na parati silang maaring dumulas pababa para makwestyun ang kanilang gitnang uring pangarap.

Sa kabilang banda, ang gitnang uring pangarap ang siyang pinapangarap ng parehong gitnang uri at jologs. Ang sa jologs nga lamang ay mabilisan, at taliwas sa gitnang uring panuntunan na kailangang paghirapan, kailangang kitain, kailangang moral.

Hindi parating moral ang jologs. Sino ang matutuwang manakawan ng pinaghirapang mamahaling cellphone at notebook computer? Nang magtanong ako sa isang klase kung ilan na sa kanila ang nanakawan ng cellphone, lahat kami ay nagtaas ng kamay.

Temporal at intermittent lamang ang posisyon ng gitnang uri sa bansa. Limitado ang kanilang bilang. Tinatayang may 30 porsyento lamang ang gitnang uri sa malakihang mahihirap at limitadong maykaya. Dumagsa lamang ang isang matinding krisis—pagkakasakit, aksidente, repair sa bahay o sasakyan, sabayang pag-enrol ng maraming anak—nababalaho na ang ekonomiyang lagay.

Ang jologs naman ay combo meal ng lumpen proletaryado (mga latak ng lipunan dahil nababayaran kundi man nagkukusa para sa mga iligal na aktibidad) at aktwal na anakpawis na nabili na ng gitnang uring panuntunan kahit pa hindi kaya ng kanilang materyal na kondisyon.

Sa pelikulang "Tirador" (Dante Brillante, 2007), ang komunidad ng lumpen proletaryado ang tinahi sa naratibo ng pagkalugmok sa matinding kahirapan sa syudad. May bungal na ang raket ay mag-shoplift, at nang kumita ay nagpagawa ng pustiso para lamang mahulog sa lababo at humahagulgol na nililimas sa mabahong imburnal.

Ang anak ng snatcher nang mamatay ang ama, ang ginawa sa unang buhos ng abuloy ay isugal sa kalye. Ang isang snatcher na ama, ang kinita ay ipinambili ng shabu imbes na gatas ng kanyang sanggol. Ang mga snatcher, sa partihan ay dinudugasan ang kapwa.

Sa buod pa lamang, walang may gustong magkaroon ng ganitong identidad, mapabilang sa ganitong komunidad. Ang masamang balita ay may walong taon na tayong isinadlak ni Gloria Arroyo sa jologs na predikamento.

Ginawang lubhang makitid ang akses sa mobilidad, na sa huli ang inaanunsyong pag-unlad ay ramdam na lamang nang matagal ng nakakaramdam nito. Habang ang nakararaming maralita at gitnang uri ay nagmimistulang isdang naghihikahos makahinga sa lumiliit at umiinit na sapa.

Sa gitnang uri, ayon na rin sa summa cum laude ng Unibersidad ng Pilipinas sa commencement speech nito, hindi na opsyon mangibang-bayan. Ang pagpipilian na lamang ay ang literal na pangingibang-bayan, tulad ng kapalaran ng overseas contract workers, o virtual na pangingibang-bayan, tulad ng call center agent sa loob ng bansa.

Sa jologs, ang ipinang-iiba ay hindi bayan kundi kapalarang pang-uri. Ibig sabihin, ang instantaneous na kalakaran sa panlipunang mobilidad—snatching, drug dealing, pangdedehado ng kapwa, shoplifting—ay ang kapamaraan para maging kaiba ang jologs para sa pang-estadong panuntunan na maging gitnang uring mamamayan.

Pero itong kapamaraan ng jologs ay mistulang nang kapamaraan ng mga uri sa bansa. Sa rehimen ni Arroyo, pinakamatindi ang bigwas ng neoliberalismo ng deregulasyon sa gasolina, at free-trade na nagdulot ng kapabayaan sa seguridad sa pagkain, lalo na ang bigas, pati na rin ang napakataas na VAT na 12 porsyento ng halaga sa bawat bilihin.

Lahat nang karanasang ito kay Arroyo, sa pangunahin, ay across-the-board. Lahat—mayaman at mahirap, lalake at babae, may trabaho at wala, taga-syudad at taga-probinsya—ay apektado sa pagbaba ng matagal nang mababang kalidad ng buhay.

Pero bakit walang nagbabalikwas?

Ang epektibong nagawa ni Arroyo ay ang turingan ang panlipunang buhay, sa pangunahin at sa simula't sapul, bilang pang-ekonomikong larangan. Lahat ng desisyon ng gobyerno, negosyo, institusyong edukasyon, media at relihiyon, ay nakabatay sa cost-benefit analysis—ang pinakamurang halaga ng gastos para sa pinakamalaking balik ng kita.

Kaya sa huli, ang epekto nito ay ilagay rin sa indibidwal na mamamayan ang kalakarang magsikap, magpursigi at pagbutihin ang kanyang abang lagay. Nailipat na ng estado ni Arroyo ang responsibilidad mula sa gobyernong sarado sa benefisyo at karapatan—P125 across-the-board increase sa minimum na sahod o P3,000 sa buwanang sahod, kasama ng pagtigil sa abduction at political killings—tungo sa limitadong probisyon ng social commitment ng negosyo—sirang laruan sa toy Christmas drive ng Jollibee, lumang libro sa book drive

ng ShoeMart, pagtulong sa nasalanta ng bagyo ng ABS-CBN at GMA Foundations.

At matapos nitong limitadong probisyon ng negosyo, wala nang mapapala ang mamamayan. Ang serbisyo publiko ng gobyerno ay nagmistulang charity work na lamang. Imbes na sistematikong tugunan ang problema sa kalusugan, ang pagdulog ng milyon-milyong maysakit ay sa pamamagitan ng pondo ng congressman, Presidente at ng hawak nitong PCSO (Philippine Charity Sweepstakes Office).

Na pati ang mga nasa kilusang masa at progresibong indibidwal ay nahihikayat na ring lumahok sa charity work na ito. Nagagamit na rin sila para sa operasyonalisasyon nang higit pang jologifikasyon ng kanilang dating ibinabakang uri. Na ang pangunahing proyekto nito ay di lamang pagandahin si Arroyo, hindi gawin itong naabot na tao, kundi gawin itong epektibong presidente sa inepektibong panahon.

Parating ganito ang retorika ng management ng krisis ni Arroyo. Sound ang kanyang mga polisiya, kaya nga hindi raw tayo kasing apektado ng pandaigdigang krisis. Pero walang respite sa pagtaas ng presyo ng gasolina o temporaryong pagtanggal ng VAT nito na tunay na makakapagpabawas ng presyo.

At ang resulta ng survey na nagsasaad na pinaka-unpopular si Arroyo, kasama ng pinakamarami ang nagugutom sa kanyang pagkapangulo (14.5 milyon), di raw matanggap ng mga tao ang masasakit na desisyong kailangang gawin ng Presidente. Para raw sa ikabubuti ng lahat at ikalalakas ng ekonomiya.

Sa Hello, Garci scandal ni Arroyo, humingi ito ng paumanhin. "error in judgment" ang idinahilan. Hindi siya ang nagkamali, kundi ang isang insidente ng pag-iisip at pagkilos.
At kung gayon, isolated case. Nanghingi naman ng sorry, bakit hindi patatawarin?

Kung gayon, perfekto pala si Arroyo. Ang di-perfektong pandaigdigang lagay ng langis, bigas, kapital, service industries, finance market, at iba pa ang may salarin kung bakit naghihirap ang nakararami.

Kung bakit ang lahat ay napapakapit sa patalim (na isa namang humanisasyon ng jologs: hindi ang jologs na tao ang may problema, kundi ang marahas na lipunan ang salarin). Ang panahong global at kung paano naapektuhan ang lokal na panahon ang nagdudulot ng pasakit sa mamamayan.

Mahirap sabihing niloloko ni Arroyo ang kanyang sarili dahil mas hibang ang mamamayang hindi nagbabalikwas. Sino ang mas

malaking baliw? Ang hibang na pangulo o ang mas hibang na mamamayang kaorkestradong sumasayaw sa kahibangang tugtog ng pangulo?

Sa posisyong panlipunan ng docile na mamamayan, siya man ay nagpapasya batay sa neoliberal na panuntunan. Ano ba ang mapapala niya sa rally at politikal na pagkilos? Ano ba ang mababago nito sa kagyat na ikakaginhawa niya? At dahil nga wala, hindi siya lalahok.

Ang kanyang aatupagin ay ang mga aktibidad na tila may mabilis na balik kahit nga hindi, mabilis na pakinabang kahit nga mas ikalulugmok niya ito, mabilis na kabig kahit mas malakas ang dagok. Ang resulta, nirereafirma niya ang saklaw ng rasyonalisasyon ng pagka-pangulo.

Hindi siya ang may problema kundi ang abstraktong paligid, kahit pa siya ang materyal na entidad na nakakaranas ng pagdarahop at karahasan. Na sa kanyang ekonomikong pagsusuri, mas isusugal niya ang kanyang kinabukasan kay Arroyo kaysa sa nakikibakang bayan.

Dalawa ang rekurso ng nakikibakang bayan. Una, paglahok sa arena ng taktikal na ekonomiyang pakikibaka para sa higit pang benefisyo sa mamamayan at sa politikal na pagpapalawak ng hanay. Ang welgang pampaaralan ay dapat makapagdulot ng ekonomikong relief sa pagtaas ng matrikula at iba pang gastusin.

Ang lab fees na binabayaran ay dapat para sa gamit sa labrotoryo. Hindi dapat ipinapasok ang singil sa kuryente, pagbili ng aircon at pagpinta ng dingding sa lab fees. Wala dapat singil para sa hindi labrotoryong kurso. Kaya nga nagbabayad ng tuition fee ay para masakop ang gastos ng slide at LCD projectors, computer at iba pang batayang gamit.

Ikalawa, pagpapalawak ng "menu of services" ng kilusang masa para mahagip ang progresibong sentimiento at matransforma ito sa politikal na protesta. Kung human chain ang magdudulot ng suporta ng administrasyong Katoliko sa paaralan, maaring gawin ito. Kung sa komunidad ay pagkalampag sa walang lamang kaldero, maari rin ito.

Kung volunterismo ang kailangan sa komunidad para malinis ang estero at basura, maari rin ito, tulad ng pagbigay ng relief sa mga nasalanta ng bagyo. Pati na rin ang maagap na pag-take on ng kaso ng mga biktima ng disaster, tulad ng libo-libong pamilya ng mga namatay sa paglubog ng MV Princess of the Stars.

Ang mahalaga sa dalawang opsyon ay ang gamit nito sa politikal na transformasyon. Sa kagyat na kahilingan, ito ay ang pagpapahina kay Arroyo, hanggang sa pagpapatalsik sa kanya. Sa pangmatagalan, ang pagpapaunlad ng egalitaryong estado ng mamamayan.

Ayaw nating maging jologs pero ito na ang karumal-dumal na nagawa sa atin ng rehimeng Arroyo. Lumilingon ang marami sa atin sa kaliwa't kanan at nag-iisip kung paano makakalamang sa kapwa gayong ang pambansang pangulo na sukdulang nakakalamang sa lahat ay hindi napapansin.

Sa politikal na transformasyon, si Arroyo ay hindi na abstraksyon kundi aktwalisasyon ng estadong karahasan at ang posibilidad din ng egalitaryong kinabukasan.